Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

ARALING PANLIPUNAN II



MODYUL 11

PAMILYANG ASYANO

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

MODYUL 11

PAMILIHANG ASYANO

Kumusta ka na? Handa ka na ba sa ating talakayan? Ang paksang ating tatalakayin sa modyul na ito ay hindi malayo sa iyong personal na karanasan sapagkat bahagi ka nito. Ito ay tungkol sa pamilya at sa pamilya pa ng ibang Asyano. Dito ay tutuklasin natin kung ang ating pamilya, ang pamilyang Filipino, ay tulad rin o naiiba sa iba pang pamilyang Asyano. Susuriin natin ang kanilang pagkakatulad at pagkakaiba-iba. Sino sino kaya ang bumubuo sa kanila? Katulad din kaya ng tungkulin ng bawat miyembro sa ating pamilya ang kanilang mga miyembro? Nahaharap din kaya sila sa mga suliraning katulad ng kinakaharap ng mga pamilyang Filipino. Iyan at iba pa ang matutunan natin dito sa modyul na ito. Kaya't halika na at simulan na natin ang ating pag-aaral.

May tatlong na araling inihanda para sa inyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Ang Pamilya: Pundasyon ng Matatag na Lipunang Asyano
- Aralin 2: Katangian ng Pamilyang Asyano
- Aralin 3: Mga Pagbabago at Hamon sa Pamilyang Asyano

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Matutukoy ang iba't ibang katangian at balangkas ng pamilya;
2. Mabibigyang katangian ang pamilyang Asyano;
3. Masusuri ang mga pagbabago at hamong kinakaharap ng mga pamilyang Asyano; at
4. Mapapahalagahan ang papel na ginagampanan ng bawat isang Asyano sa pagpapatatag ng pamilya.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.

PANIMULANG PAGSUSULIT:

I. Panuto: Piliin ang wastong sagot sa mga sumusunod na tanong.

1. Tumutukoy sa tinatanggap na sistema o pamamaraan ng pagtugon sa mga pangangailangan at suliraning ng isang lipunan ang
   A. pamilya
   B. Institusyongpanlipunan
   C. ekonomiya
   D. kasal

2. Kung ang pamilya ay binubuo lamang ng nanatay, tatay at mga anak, sinasabing ito ay pamilyang
   A. nukleyar.
   B. ekstended.
   C. bilateral.
   D. patriyarkal.

3. Kung ang ama at ina ay pantay na may kapangyarihan sa pagpapasiya, sinsabing ang pamilya ay
   A. patriyarkal.
   B. matriyarkal.
   C. egalitarian.
   D. unitarian.

4. Alin sa mga sumusunod ay maituturing na tungkulin ng pamilya kaugnay ng reproduksyon?
   A. paggawa ng mga kalakal at paninda
   B. pagkakaroon ng anak at pangangalaga dito
   C. pagtuturo ng kabutihang asal
   D. pagbibigay ng trabaho sa mga kasapi ng pamilya

5. Alin pamilyang Asyano ang kinikilala ang polygamya bilang paraan ng pagaasawa?
   A. Pamilyang Tsino.
   B. Pamilyang Hapon.
   C. Pamilyang Indian.
   D. Pamilyang Arabe .

6. Ang pamilya na kumikilala sa kaanak ng magulang na lalaki at babae ay itinuturing na
   A. matrilineyal
   B. patrilineyal
   C. bilateral
   D. egalitarian

7. Alin sa mga sumusunod ang katangian ng pamilyang Tsino
   A. Aktibong pakikibahagi sa pagpapaunlad ng kabuhayan.
   B. Pag-aasawa ng malapit na kamag-anak.
   C. Paggalang at pagpapahalaga sa mga ninuno
   D. Pakikipagkasundo sa kasal.

8. Ano uri ng pamilya mayroon ang pamilyang Hapon?
   A. matriyarkal.
   B. patriyarkal.
   C. egalitarian.
   D. polygamya.

9. Ang pagpapahalaga sa pangalan at dangal ng pamilya ay mahalagang katangian ng pamilyang
   A. Indian.
   B. Hapon
   C. Filipino.
   D. Tsino.

10. Ang sosyalisasyon ay tumutukoy sa pamamaraan na kung saan ang mga kasapi ng lipunan ay
   A. Pinagkakasundo sa pag-aasawa
   B. Pinarurusahan sa mga hindi wastong pagkilos at pag-uugali
   C. Tinuturuan ng wastong pag-uugali upang maging mabuting kasapi
   D. Wala sa nabanggit

11. Sa pangkalahatan, karamihan ng pamilyang Asyano ay pamilyang
   A. ekstended.
   B. nukleyar.
   C. egalitaryan.
   D. matriyarkal.

12. Isang pangunahing suliraning pangkabuhayan na kinakaharap ng pamilyang Asyano ay ang
   A. Aids virus.
   B. Hindi matatag na pamahalaan.

C. kahirapan.
D. pandarayuhan.

13. Alin sa mga sumusunod ang isang positibong pagbabagong nagaganap sa pamilyang Asyano?
    A. nagkakaroon ng pagkakataong makibahagi ang mga anak sa pagpapasiya sa tahanan
    B. nagkakaroon ng pagkakapantay pantay ang mga babae at lalake
    C. nagiging Malaya ang mga kasapi sa pamilya na mamuhay ng sarili
    D. lahat ng nabanggit

14. Alin sa mga sumusunod ang isang pagbabagong nagaganap sa pamilyang Asyano
    A. Pagiging patriyarkal ng mga pamilya.
    B. Pagtaas ng katayuan ng mga kababaihan.
    C. Pananatili sa makalumang paraan.
    D. Pagkakaroon ng mga pinagksundung kasal.

15. Alin sa mga sumusunod na pangungusap tungkol sa pamilyang Asyano?
    A. Nahaharap sa mas matinding suliraning sa kaslaukuyan ang pamilyang Asyano.
    B. Uniti unti humihina ang pamilyang asyano bunga ng mga suliraning at pagbabagong kinakaharap nito.
    C. Nanantiling matatag ang mga pamilyang asyano sa pagharap sa mga hamon at suliranin. Na dala ng pagbabago
    D. Ang pamilyang asyano ay lubos nang naimpluwensiyahan ng pamilyang kanluranin.

ARALIN 1

ANG PAMILYA: PUNDASYON NG MATATAG NA LIPUNANG ASYANO

Ang unang Aralin sa Modyul na ito ay magpapaliwanang ng kahalagahan ng pamilya sa isang matatag na lipunan. Dito ay susuriin natin kung paano nabubuo ang pamilya, kung ano ano ang mga anyo nito at kung paano ito nakatutulong sa pagkakaroon ng isang malakas at matatag na lipunan. Bahagi ng pagkakaroon ng isang matatag na pamilya ay ang pagtupad sa tungkulin nakaatang sa bawat kasapi. Kaya't susuriin din sa araling ito ang mahalagang tungkulin at papael na ginagampanan ng pamilya sa lipunan.

Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maipaliliwanag ang kahulugan ng pamilya bilang pangunahing institusyong panlipunan;
2. Maipapaliwanag ang iba't ibang anyo at balangkas ng pamilya;
3. Masusuri ang mahalagang tungkulin at papel na ginagampanan ng pamilya sa lipunan

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Ikaw ba ay nabibilang sa isang pamilya? Ang makikitang mong larawan ay larawan ng isang pamilya. Tukuyin mo nga kung sino sino ang mga kasapi nito? Mayroon ba silang kani-kaniyang tungkulin? Maari mo bang masabi ang mga ito? Ikaw, sa iyong palagay ano ang pangunahing tungkulin mo sa pamilya? Mahalaga ba ang pamilya sa iyo?

Ang maraming pamilya, malaki man o maliit, ang bumubo sa isang lipunan, kaya't sinasabing ang pamilya ang pinakamaliit na samahan o institusyong panlipunan. Ang pamliya rin ang tinurutring na pinakapangunahing payak na institusyong panlipunan. Pag sinabing institusyon, ito ay tumutukoy sa mga tinatanggap na sistema o pamaaraan ng pagtugon sa isang tiyak na pangangailangan o suliranin sa lipunan. Institusyon ito kapag napatunayan n na ang pamamaraang ito ay tunay na epektibo sa pagtugon sa mga pangangailangan ng nakararaming tao sa mahabang panahon.

Maraming pangangailangan ang lipunan kaya't maraming institusyon ang naitatag. Halimbawa ng mga pangangailangang ito ay ang pangangailangan sa pangangalaga sa mga kasapi ng lipunan upang patuloy it mabuhay at dumami. Ito ay natutugunan ng institusyon ng pamilya. Kailangan din ng lipunan na matugunan ang metryal na pangangailangan at pamamahagi ng mga yaman kaya't umusbong ang institusyon ng ekonomiya. Mahalaga rin na magkaroon ng sistema ng pagpapanatili ng kaayusan sa lipunan kaya naitatag ang institusyong pampulitika. Iyan ay ilan lamang sa mga pangangalangan na natutugunan ng mga isinaayos na pamamaraan at sistema ng institusyon.

Ang pamilya bilang batayang yunit ng lipunan ay isa sa pangunahing institusyong naitatag sa lipunan. Ang pamilya ay ang institusyong panlipunan na binubuo ng ama, ina, mga anak, at iba pang kasapi na magkakaugnay bunga ng seremonya ng kasal o ugnayang batay sa dugo o kamag-anakan. Sinasabing batayang yunit ito ng lipunan sapagkat ito ay binubuo ng mga tao na bubuo sa isang lipunan. Ang pamilya ang kauna-unahang institusyong panlipunang naitatag. Sinsabing institusyon ang pamilya dahil sa mga tinatanggap na sistema at pamamaraan sa loob ng pamilya na sinusunod ng mga kasapi nito. Noong unang panahon at hanggang sa kasalukuyan, maraming pangangailangan sa lipunan na ang pamilya lamang ang nakatutugon. Ang ilan dito ay ang mga sumusunod:

1) Ang pamilya ay yunit ng reproduksyon. Sa pamilya lehitimong isinisilang ang isang bagong kasapi ng lipunan sa pamamgitan ng pagpapkasal o tinatanggap na paraan ng pagsasama ng dalawang (o higit pa, sa ibang lipunan) kasapi. Dahil ang bata ay nangangailangan ng pag-aaruga sa simula ng kanyang pagsilang, ito ay ginagampanan ng mga miyembro ng pamilya lalong lalo na ng ina at ama.
2) Ang pamilya ay yunit ng sosyalisasyon. Ang sosyalisasyon ay tumutukoy sa paraan ng pagtuturo sa kasapi ng lipunan ng mga wastong pagkilos at pag-uugali sa lipunan. Sa pamilya nahuhubog ang tamang asal ng isang bata hanggang sa siya ay lumaki at maging mabuting kasapi ng lipunan.
3. Ang pamilya ay yunit ng produksyon. Ang salitang produksyon ay tumutukoy sa paraan ng paglikha ng mga bagay at serbisyo na kailangan ng mga tao

lipunan upang mabuhay. Noong unang panahon, nang wala pang mga pabrika, sa pamilya nililikha ang mga goods o produkto at ito rin ang namamahagi ng mga material sa pangangailangan ng mga tao. Sa kasalukuyan, ang tungkulin ng produksyon ay nasasakamay na ng ekonomiya. Subalit, patuloy ang pamilya na gumaganap ng tungkuling pang ekonomiya.

Sa kasalukuyan, maraming tungkuling ginagampanan ang pamilya sa lipunan. Ito ay ang mga sumusunod:

1. Nangangalaga ang pamilya sa kalusugan at buhay ng mga kasapi hanggang sa paglaki nito.
2. Nagtuturo ng wastong asal at pag-uugali sa mga miyembro ng pamilya
3. Nagbibigay ang suportang emosyonal sa mga miyembro sa panahon ng mga suliranin o tagumpay
4. Tumutulong sa paglinang ng pananalig at paniniwalang isipiritwal ng mga kasapi nito
5. Nagbibigay ng pangalan at tiyak na katayuan (status) sa isang miyembro

Bagamat ang pamilya sa ano mang lipunan ay gumaganap ng mga tungkuling ating binaggit, mayroon naming pagkakaiba-iba ng mga anyo at balangkas ng pamilya. Ang balangkas ng pamilya ay tumutukoy sa kung paano naayos ang pamilya ayon sa mga sumusunod:

a. bilang o dami ng kasapi nito
b. sa kung sino ang may pangunahing awtoridad o kapangyarihan
c. paano kinikilala ang kamag-anakan
d. anyo ng pagpapakasal batay sa bilang ng asawa

Ang pamilya ay may iba't ibang anyo batay sa mga kasapi na bumubuo rito. May dalawang anyo ito: ang pamilyang nukleyar at pamilyang ekstended. Sinasabing nukleyar ang anyo ng pamilya kung ito ay binubuo lamang nga mga

magulang (ina at ama) at mga anak. Ang pamilyang ekstended naman ay ang anyo ng pamilya na binubuo hindi lamang ng ama, ina at anak kundi ng iba pang kaanak tulad ng lola, lolo, o mga kapatid ng mga magulang. Ang alin man anyo ay matatagpuan sa mga lipunan sa Asya. Sinasabing may kabutihan ang di kabutihan ang pamilyang nukleyar, gayundin ang pamilyang ekstended. Sinasabi, halimbawa, na sa pamilyang ekstended, nahuhubog ang pag-uugali ng isang bata na makiaangkop nang maayos sa iba't ibang kasapi ng pamilya hindi lamang sa ama, ina at kapatid. Nagiging madali din ang pagtugon sa pangangailangan dahil sa mas marami ang nagtutulungan. Sa isang banda naman, nakikitaan din ng di mabuting bunga ang pagiging ekstended ng isang pamilya. Isa na rito ang kakulangan ng pakakaton sa isang payak na pamilya na mag isa o maging malaya sa pagtuklas ng mga pamamaraan sa pagtugon sa pangangailangan ng isnag pamilya. Ang pagiging palaasa s amga magulang kahit may sarili nang pamilya ang kung minsan, ay nagiging epekto nito.

Sa isang pamilya, ang kapangyarihan ay naatang sa iba't ibang kasapi. Batay ditto, maaring uriin ang pamilya na patriyarkal, matriyakral o egalitarian.

a. Sa anyong patriyarkal, ang ama o pinakamatandang lalaki ang kinikilalang pinakamamakapangyarihan o pinuno sa pamilya. Mayroon siyang awtoridad an magpasunod ng mga kapasiyahan sa loob ng pamilya. Siya ang kinikilalang may pagpapasiya sa mga bagay na nakaapekto sa mga kasapi ng pamilya tulad ng mga bagay na may kinalaman sa pag-aasawa ng mga anak, pamumuhay, pag-aaral ng mga anak at pagtatakda ng mga ariarian. Sa mga pamilyang patriyarkl ang balangkas ng pamilya, hindi nabibigyan ng kapangyarihan ang kababaihan na magpasiya, kayat sumusnod lamang ito sa desisyon ng punong lalaki o asawa.
b. Sa anyong matriyarkal naman, babae ang kinikilalang may kapangyarihang magpasiya at mamuno sa tahanan. Ang ina o sinumang pinakamatandang babae ang may ganap na kapangyarihan sa tahanan.

c. Sa kaslaukuyan, ang karaniwnag anyo ng pamilya ay pamilyang egalitarian. Ito ay anyo ng pamilya na kung saan ang pamumuno at pagpapasaya sa pamilya ay nakaatang sa kapawa lalaki at babae. Sa anyong ito, ang mag-asawa ay magkahati sa kapangyarihan. Sa balangkas na ito, magkatuwang na gumagawa ng desisyon s apamilya ang mag-asawa at pantay silang may kapangyarihan sa pamamahala at pagpapalakad ng pamilya. Kadalasan nagtutulungan sila maging sa paghahanapbuhay at pagtustos sa pangangailangan ng mga anak.

Sa kasalukuyan, marami ang naniniwala na mahalaga na maging egalitarian ang mga pamilya upang magkaroon ng pantay na karapatan ang babae at lalaki sa pagpapalaki at pagpapasiya sa pamilya. Itinataya na kung ang mga lalaki at babae ay kapwa mabibigyan ng pagkakataon sa makiisa sa pagpapasiya, mas magiging mabuti at matatag ang mga desisyon na gagawain ng isang pamilya.

May anyo din ng pamilya batay sa kung sino naman ang kinikilalang kamag-anak. Mayroong pamilya na ang kinikilala lamang na angkan o kamaganakan ay iyong mga kaanak sa bahagi ng ama. Ito ay tinatawang na pamilyang patrilineyal. Mayroon naman na ang kinikilalang kamag-anak lamang ay iyong mga aanak ng ina, kayat tinatawag naman silang matrilineyal. Sa ating lipunan, pareho nating kinikilala na kaanak natin ang mga kamaganak sa ina at ama, kaya't tinatawag natin itong pamilyang bilateral.

Ang pagpapakasal ay isang mahalagang elemento ng pagpamilya. Sa maraming lipunan sa mundo, itinuturing na ang pagpapakasal ay pangunahing hakbang sa pagtatag ng isang pamilya. Ang kasal ay siyang nagpapatibay s apagsasama ng mag-asawa at tinatanggap na pamamaraan sa pagbuo ng pamilya. Subalit may iba't ibang anyo rin ang pagpapakasal. Maaring mauri ang kasal na monogamy o polygamy, batay sa bilang o dami ng asawa. May mga lipunan na naniniwala na dapat ay isa lamang ang asawa kayat ang sistema ng aksal ay tinawag na monogamy. Mayroon naming mga lipunan napinahihintulutan ang pag-aasaw ng mahigit sa isa, kaya't tinawag itong polygamy. Marami man o isa lamang ang asawa, maliwanag na may mga kautusan na dapat sundin sa pag-aasawa ang

bawat lipunan. Sa no mang lipunan, kinikilala ang mga tungkulin ng mag-asaw sa isa't isa at sa pamilya . Inaasahan na tutuparin nila ito para sa kabutihan ng pamilya

Sa kabuuan, ano man ang anyo o balangkas ng pamilya sa lipunan, masasabi na nabuo ito bilang tugon sa pangangailangan ng panahon at ng lipunang giangalawan nito. Ang Asya bilang isang pinalawak na lipunan ay binubuo ng pamilya na may iba't ibant anyo at balangkas. Ito ay bunga na rin ng magkakaibang kalagayan ng kapaligiran, kultura at ekonomiya ng mga lipunan sa Asya. Nagkakaiba-iba man, mahalaga na tandaan na ang pagkakaiba-iba ng pamilyang asyano ay bunga na rin ng magkakaibang pamamaraan nila ng pagtugon sa pangangailangan at suliranin ng kanilang lipunan.

Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Tingnan nga natin kung may natandaan ka sa ating mga pinag-usapan. Lagayan ng sagot ang mga sumusunod na bilog batay sa papel na ginagampanan ng pamilya sa lipunan.



Papel na ginagampanan ng Pamilya sa Lipunan

Tunghayan ang sumusunod na larawan. Masasabi mo ba kung anong anyo ng pamilya ito batay sa bilang ng mgakasapi?

Larawan ng pamilyang Nukleyar	Larawan ng pamilyang Ekstended
A. _____	**B. _____**

Sagutin ang mga sumsunod na tanong:

1. Bakit sa palagay mo ay mahalaga ang pamilya?

_____

_____

_____

2. Ano ang kabutihan at di kabutihan ng iba't ibang anyo o balangkas ng pamilya?

_____

_____

_____

3. Ibigay ang katangian ng pamilyang FIlipino batay sa iba't ibang anyo o balangkas ng pamilya.

_____

_____

_____

Tandaan Mo!

- Ang pamilya ang pangunahing institusyon sa lipunan. Ito ay binubuo ng mga pamamaraan na nakatutugon sa mga pangangailangan sa lipunan.
- May iba't ibang anyo o balangkas ang pamilya;
  - Ayon sa bilang ng kasapi: nukleyar o ekstended
  - Ayon sa kapangyarihang magpasiya: patriyarkal, matriyarkal o egalitarian
  - Ayon sa kamag-anakan: matrilineyal, patrilineyal o bilateral
  - Ayon sa pag-aasawa: polygamy o monogamy
- Mga mahahalagang papel ng pamilya sa lipunan
  - reproduksyon
  - sosyalisasyon
  - produksyon
  - pagbibigay ng suportang emosyonal at ispiritiwal sa kasapi
- Ang pagkakaiba-iba ng pamilyang asyano ay bunga na rin ng magkakaibang pamamaraan nila ng pagtugon sa pangangailangan at suliranin ng kanilang lipunan

Gawain 3: Paglalapat

1. Kumuha ng larawan ng iyong sariling pamilya. Idikit sa isang bond paper. Sa ibaba ng larawan, tukuyin kung sino sino ang mga kasapi nito. Sabihin din kung anu ano ang mga tungkuling ginagampanan ng bawat miyembro.

ARALIN 2
KATANGIAN NG PAMILYANG ASYANO

Handa ka nab a sa susunod nating aralin? Matapos mong matutunan kung ano ang pamilya at ang ginagampanan nito sa lipunan, pag-aaralan naman nating ang iba't ibang pamilyang Asyano. Dito matutunghayan natin ang pagkakaiba iba ng mga balangkas at gampanin ng mga pamilyang Asyano.

Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. nailalarawan ang pamilyang Asyano ;
2. naipaliliwanag kung paano nagkakaiba ang mga pamilyang Asyano ; at
3. Naihahambing ang pamilyang Asyano sa pamilyang Filipino.

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Masdan ang mga larawan. Matutukoy mo ba kung saang lugar sa Asya matatagpuan ang mga pamilyang ito?

Larawan ng pamilyang Tsino	Larawan ng pamilyang arabe
Larawan ng pamilyang hapon	Larawan ng pamilyang Indian

Pamilyang Filipino

Ang pamilyang Filipino ay hindi nalalayo sa ibang pamilyang Asyano. Tulad ng iba pang pamilyang Asyano, ang mga Filipino ay may malaking pagpapahalaga sa pamilya at sa mga kasapi ito. Maraming katangian ang pamilyang Filipino na katulad ng iba pang pamilyang Asyano. Tunghayan natin kung ano ano ang mga ito. Subalit bago natin gawin iyan, subukan nating ilarawan ang pamilyang Filino at pagkatapos ay ihambing naman natin s aiba pang pamilyang Asyano.

" Close family ties" - iyan ang isa sa pangunahing pagpapahalagang Filipino. Sinasabing may mahigpit at malapit na ugnayan ang mga Filipino lalung lalo na ang mga kasapi ng pamilya. Handang ipagtanggol ng sinumang kasapi ang kanyang ka-miyembro kung ito ay pinupulaan o sinasaktan ng ibang tao na labas sa pamilya. Dahil ang nakararami sa pamilyang Filipino ay kristiyano, monogamy ang mas karaniwang uri ng pag-aasawa. Subalit umiiral din ang polygamy sa mga lugar na ang nakararami ay mga muslim. Ito ay anyo ng pag-aasawa na pinahihintulutan at kinikilala ng kulturang musli. Nakapangyayari pa rin ang pamilyang ekstended sa ating lipunan bunga na rin n gating pagpapahalaga sa kamag-anakan. Ang pagiging ekstended ng ating pamilya ay nakatutulong din sa pagtutulungang s akabuhayan ng mga kasapi nito. Subalit ang mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig, ay nagbibigay daan sa pagkakaroon ng mas maraming pamilyang nukleyar. Ang karamihan sa pamilyang Filipino ay nagiging pamilyang egalitarian na rin, bagamat ang tradisyonal na paniniwala na ang ama o lalaki ang may kapangyarihan sa pagpapasiya, ay nanatili pa rin sa maraming pamilya. Ang pamilyang Filipino ay may magkapantay na pagkilala sa kamag-anakan sa panig ng ama't ina.

Pamilyang Tsino

Ang pamilyang tsino ay kilala rin sa pagiging malawak o exkstended. Dito kinikilala ang karapatan ng ama o nakatatandang lalaki na magpasiya sa mga pangunahing bagay sa pamilya. Mahalaga rin ang gampanin ng ina dahil sa siya ang tumatayong tagapagturo ng mabuting asal at pag-uugali sa mga anak. Siya rin ang namamahala sa mahahalagang Gawain sa loob ng tahanan. Mahalaga ang pagtupad

sa tungkulin ng mga anak sa pamilyang Tsino. Dahil sa impluwensiya ng turo ng pilosopong si Confucius, ang mahigpit na paggalang at pagsunod sa utos ng mga magulang at nakatatanda ay mahigpit na itinuturo sa bawat kasapi ng pamilyang Tsino.Sa pag-aasawa ng mga anak, malaki ang kapangyarihan ng ama. Siya ang nagpapasiya ng mapapangasawa ng anak. Isinasaayos ng mga pamilya ang pag-aasaw ng mga anak. Ito ay dahil sa paniniwalang mas magiging matibay ang pagsasama kung may pakikiisa ang mga miyembro ng pamilya sa pagpili ng asawa ng isang miyembro ng pamilya. May malaking pagpapahalaga ang mga Tsino sa kasal kaya't ito ay kanilang pinaghahandaan. Isa sa mga natatanging paniniwala ng mga Tsino ang paggalang sa kanilang mga ninuno. Kayat madalas nilang inaalala at pinapupurihan ang mga namatay na ninuno. GInagawa nila ito upang ang kanilang ugnayan sa mga nakaraang henerasyon ay manatiling buhay.

Pamilyang Hapon

Ang pamilyang Hapones ay kinikilalang may mahalagang papel na ginagampanan sa kanilang panlipunan, pangkabuhayan at pangkultural na aspeto ng pamumuhay sa lipunan. Masasalim ito sa aktibong pakikibahagi ng pamilyang Hapones sa pagpapaunlad ng kanilang pamumuhay. Maliwanag na itinuturo sa bawat kaspi ng pamilyang Hapones ang kanilang tungkulin hindi lamang sa pamilya, kunghindi sa bansa at sa pagpapaunlad nito. Patriyarkal pa rin ang nakararaming pamilyang Hapones. Dito, ang ama ang nagpapasiya para sa pamilya. Mahalaga ang pagsunod sa kagustuhan ng mga magulang at karamihang ng mahahalgang pagpapasiya sa buhay ay sinasagawa nito. Monogamy ang balangkas ng pag-aasawa. Itinataya ang pag-asawa ng isa lamang. Ang mag-asaw ay humihiwalay sa kanilang pamilyang pinanggalingan kapag sila ay kasal na kayat marami sa pamilya ay pamilyang nukleyar. Sa mga Hapones, mahalaga ang karangalan hindi lamang sa sarili kung hindi sa pamilya. Kaya mahalaga sa pamilyang hapones ang pagpapanatili ng mabuting pag-uugali upang hindi malagyang ng batik ang pangalan ng pamilya.

Pamilyang Indian

Katulad ng pamilyang Filipino mahigpit na nagkakabuklod buklod ang mgapamilyang Indian. Ekstended andg anyo ng mga ito. Kaya sa India ay mamamalas ang malalaking tirahan, bunga na rin ng kanila gawi na manatili sa pamilya ng lalki ang mga anak na nagpaksal o nag-asawa na. Ang pagiging malapit ng mga pamilyang Indian sa isa't isa ay lalong napapaigting sa pamamagitan ng kanilang mga salu salo at samasamang gawiang pagsamba sa kanilang rleihiyong lallung lalo na sa panahon ng mga pagdiriwang. Ang babeng miyembro ng pamilya ay humihiwalay sa kanyang pamilyang kinagisnan sa oras ng kanyang pagpapakasal. Mula sa panahong ito, siya ay itututuring nang kasapi ng pamilya ng lalaki. Nananatiling patriyarkal ang nakararaming pamilya sa India. Kayat ang ama o nakatatandang lalaki ang kadalsang namamahala sa mga ari-arian ng pamilya at ang gumagawa ng mahahalagang pagpapasiya. Bagamat sa kasalukuyan ay sinisikap ng pamilyang Indian na itaas ang kalagayan ng mga kababaihan, marami pa rin sa tradisyonal na pamilyang Indian ang hindi pantay ang pagtigin sa mga babae at lalake. Malaki ang impluwensiya ng relihiyon HInduismo sa pamilyang Indian. Makikita ito sa paraan ng pagtatangi ng pamilya sa mapapangasawa, sa mga pagtatalaga ng mga ari-arian at s aiba pang bagay. Ipinagkakausndo rin ng pamilyang Hindu ang kanilang mga anak sa usapin ng pag-aasawa. Naniniwala sila na mas magiging matatag ang samahan ng mag-asawa kung may malinaw na unawaan ang bawat pamilya. Dahil dito ang pamilya ang pumipili at nagsasaayos ng kasal ng mga anak.

Pamilyang Arabe

Ang pamilyang Arabe ay hindi rin naiiba sa iba pang pamilyang Asyano sa pagpapahalaga nila sa pamilya. Naniniwala sila na ang malapit at matatag na pamilya ay susi sa pag-unlad ng kanilang pamilya at lipunan. Kilala ang mga arabe sa pagiging ekstended na pamilya. Mahigpit ang kanilang pagkakabuklod buklod. Nananatiling patriyarkal ang pamilyang Arabe. Ang pinunong lalaki sa pamilya ang gumagabay at

nagpapasiya sa mahahalagang gawain at desisyon sa pamilyang Arabe. Sa pamilyang Arabe, bunga na rin ng impluwensiya ng kanilang relihiyon, ay kumikilala sa poligamya. Pinahihintulutan ng relihiyong Islam ang pagkakaroon ng apat na asaw ng isnag lalaking Muslim hanggang kaya niyang mabigyan ng mga pamilya nito ng maayos at disenteng pamumuhay. Tungkulin ng ama na palakihin nang maayos ang kanilang mga anak. Sa konserbatibong Muslim, nanatiling hindi nakikialam s apulitika at sa eknomiya ang mga kababaihan. Subalit bunga ng nagbabagong panahon, unti unting nabibigyan ng papel ang mga kababaihan na makibahagi s alarangan ang pulitika at ekonomiya. Kinikilala ang pag-aasawa ng kamaganak sa pamilyang Arabe. Ito ay bunga na rin ng paniniwala nila na kailangan ang lalong matatag ang kamag-anakan kung hindi mahahati ang kanilang mga kayamanan at ari arian.

Nakita natin ang iba't ibang katangian ng mga pamilyang Asyano. Saan sila nagkakaiba? Saan naman sila nagkakatulad? Bakit kaya may pagkakatulad at pagkakaiba iba?



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Punan ang mga matrix sa ibaba tungkol sa pagkakaiba-iba at pagkakatulad ng mga pamilyang Asyano.

	Pamilyang Tsino	Pamilyang Hapon	Pamilyang Arabe	Pamilyang Indian
Anyo ng pag-aasawa				
Anyo batay sa Kapangyarihan				
Anyo batay sa bilang ng kasapi				
Anyo batay sa kamag-anakan				
Natatanging katangian				
Mga paniniwala				

1. Magbigay ng paglalahat ukol sa pamilyang Asyano batay sa matrix.

_____

_____

_____

_____

2. Paano naiiba o natutulad ang mga pamilyang Asyano sa pamilyang Filipino?

_____

_____

_____

_____

Tandaan Mo!

- May pagkakatulad ang mga pamilyang Asyano. Isa na rito ay pagiging magkakalapit at pagpaahalaga sa pagkakabuklod buklod ng pamilya.
- Nagkakaiba ang pamilyang asyano sa uri ng paga-asawa. Nagkakatulad naman sila sa anyo ng kapangyarihan sa pagpapasiya
- May mga natatanging katangian ang bawat pamilyang Asyano.
- Ang pagkakaiba iba ng pamilyang ASyano ay bunga na rin ng kanilang pagkakaiba-iba sa paniniwala, kulturang kinabibilangan, heyograpiya na tinitirahan at antas ng kabuhayan

Gawain 3: Paglalapat

GUmawa ng maikling pananaliksik ukol sa isang pamilyang ASyano hindi natalakay sa aklat (halimbawa, pamilyang Thai, Koreano at iba pa). Gumawa ng paglalarawan ayon sa anyo o balangkas ng pamilya. Tukuyin din ang mga kakaibang katangian o paniniwala nito.

ARALIN 3
MGA PAGBABAGO AT HAMON SA PAMILYANG ASYANO

Ngayong natalakay na antin ang mga katangian ng mga pamilyang ASyano, pag-usapan naman nating ang mga pagbabagong nagaganap sa kanila. Sa bilis ng takbo ng panahon ngayon at sa damin ng pagbabagong nagaganap, paano kaya nakikiangkop ang mga pamilyang Asyano? Iyan ang matutunan natin sa susunod na aralin. Handa ka na ba?

Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. natutukoy ang mga pagbabagong nagaganap sa pamilyang Asyano;
2. nasusuri ang mga dahilan at epekto ng pagbabagong nagaganap sa pamilyang Asyano;
3. naipaliliwanag kung paano nakikiangkop ang pamilyang asyano sa pagbabago; at
4. nalulutas ang mga suliraning bunga ng pagbabago.

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Pag-isipan mo ang mga sumusunod at sikaping maibigay ang kasagutan? Mayroon ka bang naiisip na mga gawi at paniniwala sa pamilyang Filipino na nabago na sa kasalukuyan? Maari ka bang magbigay ng ilan?

Ganito kami noon…	Paano kayo ngayon?
1. Dati ang mga kababaihan/ina ay sa bahay lamang at hindi nagtatrabaho sa labas	1. Sa kasalukuyan, ang mga kababaihan ay malayang maghanap ng trabaho sa labas ng tahanan at katuwang na ng mga lalaki sa pgahahanapbuhay
2	
3.	
4.	

Mabilis at malawak ang mga pagbabagong nagaganap sa daigdig sa kasalukuyan. Bunga na rin ito ng pag –unlad ng kaalamn sa agham at teknolohiya at iba pang pagtuklas na naganap sa daigdig. Dahil ditto napabilis ang pakikipag-ugnayan ng mga tao, malayo man o malapit. Naging madali ang pagkuha ng impormasyon at napabilis ang mga paglalakbay. Sa ngayon, nagmistualng magkakalapit na lamang ang mga bansa at lugar. Dahil ditto, nagkaroon ng malaking pagbabago sa pamumuhay ng mga tao. Nabago ang uri ng pamumuhay, napaunlad ng ekonomiya, nakilala natin ang iba't ibang mga kultura at nabago ang paraan ng pamamahala. Ang mga pagbabagong

ito ay nagbunga rin ng pababago sa ating mga pananaw sa buhay , mga pamamaraan at ating mga pagpapahalaga at pag-uugali. Ang mga ito ay nakaapekto sa mga ugnayan sa pamilya at sa mga pamantayang pinasusunod dito.

Pagbabagong panlipunan, pangekonomiya at pangkultura

- *Pagbabago sa anyo ng pamilya*. Bunga ng makabagong pananaw sa pamumuhay at sa pagkakaroon ng mas matatag na pagkakakitaan at hanapbuhay, ang mgapamilyang asyano ay nagbabagong anyo. Ang mga pamilyang nukleyar ang mas nagiging karaniwang anyo ng pamilya maging sa syudad o sa kanayunan. Ito ay dahilan din ng pagbabago ng pananaw ng mga batang kasapi ng pamilya. Kinikilala nila ang kahalaghan ng pagiging malaya sa impluwnesiya ng pamilya, lalung lalo na ang mga nakapagtapos ng pag-aaral. Nakikita rin ito ng impluwensya ng mga pamilya sa mga bansang kanluranin. Bagamat sa gitna ng ganitong pagbabago ay nanatiling nagkakabuklod buklod ang mga pamilyang asyano bunga na ring ng kanilang paniniwala na dapatay nagtutulungan ang mga kasapi ng pamilya sa iba't ibang bagay.
- *Pagbabago ng mga Gampanin at relasyon sa pamilya*. Dahil sa impluwensiya ng mga kulturang kanluranin na napapanood sa mga telebisyon, sine o nababasa sa mga pahayagan, nagbabago rin ang mga gampanin ng mga kasapi ng pamilya. Dati rati ang mga ina ay naiiwan lamang sa tahanan at walang kapangyarihan sa mga pagpapasyang ginagawa sa tahanan. Bunga ng kanilang pagtatrabaho at pagkakaroon ng sariling hanapbuhay, unti unti lumalakas ang kapangyarihang madinig ang boses ng mga ina sa pagdedesisyon sa tahanan. Nagkakaroon din ng mga kaluwagan sa pkikipag-ugnayan ng mga anak at magulang. Ang patriyarkal na system ay unti unting napapalitan ng sistema ng pagkakpantay pantay. Sa kasalukuyan, nagkakaroon na ng karapatan ang mga anak na maibahagi ang kanilang mga opinion at sariling pananaw sa buhay na hindi

tinintingnan na anyo ng kawalan ng paggalang sa nakatanatanda. May mas malayang kondisyon ang mga miyembro ng pamilya sa kasalukuyan.

- *Pagbabago sa pamamaraan sa pag-aasawa at pagpapamilya*. Maging ang mga pamamaraan sa panliligaw at pag-aasawa ay nabago na rin. SInasabi na ang mga edad sa pag-asawa ay tumaas na rin dahil sa edukasyong at mga trabaho ng mga kababaihan. Sa kasalukuyan, lumiliit na lamang ang partisipasyon ng mga magulang sa pagpili ng mapapangasawa ng kanilang mga anak. Ang paraan ng panliligaw ay nabago na rin and lumalaganap ang pamilyang nukleyar sapagkat naisin ng mga bagong mag-asawa na makapagsarili at mabuhay ng malayo sa dikta ng magulang.
- *Pagbabago sa katayuan ng mga Kababaihan*. Ang mga babae sa kasalukuyan ay unti unti nang nakakapantay ng mga kalalakihan sa pagtingin at sa pagkakatong ibinibigay sa kanila upang umunlad. Sa kasalukuyan, pantay ang ibinibigay ng lipunan at pamilya na pagkakataon upang makapag-aral at makapagpaunlad ng mga sariling kalagayan ang mga babae at lalaki. Maraming mga Gawain na dati rati ay para sa mga lalaki lamang ang bukas na rin sa mga kababaihan. Kaya sa loob ng tahanan ay malaya nang nakikibahagi ang mga kababaihan sa mahahalagang pagpapasiyang ginagawa.
- *Pagbabago sa kalagayang pangkabuhayan*. Ang kalagayang pangkabuhayan ay may malaking impluwensiya sa pagbabagong nagaganap sa pamilya. Bagamat may kaunlarang nagaganap sa daigdig, mistulang hindi pantay ang pag-unlad na ito kayat maraming lipunan sa Asya ang nananatiling naghihikahos at nangangailangan ng pag-unlad. Ang kahirapan at nagbabagong anyo ng ekonomiya ay lubhang nakaapekto sa ating mga pamilya.
- *Pagtaas ng pandarayuhan*. Maraming miyembro ng pamilya ang napipilitang mandarayuhan bunga na rin ng pangangailangan sa trabaho at mas malaking kita. Ang mga magulang o anak ay

napipilitang magtrabaho s aiba pang lugay na nagiging dahilan ng paghihiwalay ng mga pamilya. Ang palipat lipat na Gawain ng mga pamilya ay nagdudulot ng mga suliranin sa pamilya lalung lalo sa mga pamilyang naiiwan ang isa lamang sa magulang upang mag-aruga sa mga anak.

- Bagamat maraming positibong pagbabagong nagaganap hindi makakaila na may dala ring mga suliraning ang mabilis na pagbabagong kinakaharap ng mga pamilyang Asyano. Ang pagtutunggali minsan ng mga tradisyonal na pagpapahalaga at makabagong pananaw ay nagmimistulang hamon sa mga pamilyang Asyano.

Sa gitna ng mga pagbabagong nagaganap, paano nakikiangkop ang mga pamilya? Paano nilulutas ng pamilya ang mga suliraning dulot ng pagbabago?
Sinasabing ang pamilyang Asyano ay nanatiling matatag sa gitna ng mga hamon at suliranin ng pagbabago. Bagamat malakas ang impluwensiya ng makabagong pamumuhay at pananaw, maraming mga pagpapahalaga at gawing Asyano ang napapanatilili ng mga pamilya na siyang nagiging gabay at pundasyon ng kanilang katatagan. Nanatiling malakas at matatag na institusyon ang pamilya dahil nanatili ito na tagapag bigay ng emosyonal at ispirtiwal na suporta sa mga kasapi nito. Nanatilili ang mga kaspai ng pamilya na maging tapat sa kanilang tungkulin kayat ang pagtutulungan at suporta ay nakakamit pa rin ng mga aksapi nito. Marahil s agitna ng napakaraming pagbabago, ang pamilyang Asyano ay lalong magiging matatag na sandigan ng ating lipunan.

Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Ngayong natapos mo nang pag-aralan ang aralin ito. Subukan mo nga na sagutin ang mga katanungan.

1. Anu anong mga pagbabago ang kinakaharap ng pamilyang Asyano sa kasalukuyan?
2. Bakit kaya sila nahaharap sa ganitong mga suliranin?
3. Paano nilulutas ng mga pamilyang Asyano ang mga hamon at suliraning kanilang kinakaharap?

Tandaan Mo!

- Ang mga pagbabago sa teknolohiya, agham at eknomiya sa daigdig ay nakaapekto sa kalagayan ng mga pamilyang Asyano.
- Maraming mga pagbabagong nagaganap sa pamilyang Asyano tulad ng mga sumusunod:
  - Pagbabago sa anyo ng pamilya
  - Pagbabago sa mga gampanin at relasyon ng pamilya
  - Pagbabago sa katayuan ng mga kababaihan
  - Pagbabago sa pamamaraan sa pagpapamilya at pag-aasawa
  - Pagbabagong pangkabuhayan.

Gawain 3: Paglalapat

Gumawa ng isang maikling sanaysay tungkol sa isang partikular na suliraning kinakaharap ng iyong pamilya sa kasalukuyan. Ano kaya ang dahilan ng suliraning ito. Paano ito sinasagot ng pamilyang Filipino?

.

MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- Ang pamilya ang pangunahing institusyon sa lipunan. Ito ay binubuo ng mga pamamaraan na nakatutugon sa mga pangangailangan sa lipunan.
- May iba't ibang anyo o balangkas ang pamilya;
    - Ayon sa bilang ng kasapi: nukleyar o ekstended
    - Ayon sa kapangyarihang magpasiya: patriyarkal, matriyarkal o egalitarian
    - Ayon sa kamag-anakan: matrilineyal, patrilineyal o bilateral
    - Ayon sa pag-aasawa: polygamy o monogamy
- Mga mahahalagang papel ng pamilya sa lipunan
    - reproduksyon
    - sosyalisasyon
    - produksyon
    - pagbibigay ng suportang emosyonal at ispiritiwal sa kasapi
- Ang pagkakaiba-iba ng pamilyang asyano ay bunga na rin ng magkakaibang pamamaraan nila ng pagtugon sa pangangailangan at suliranin ng kanilang lipunan
- May pagkakatulad ang mga pamilyang Asyano. Isa na rito ay pagiging magkakalapit at pagpaahalaga sa pagkakabuklod buklod ng pamilya.
- Nagkakaiba ang pamilyang asyano sa uri ng paga-asawa. Nagkakatulad naman sila sa anyo ng kapangyarihan sa pagpapasiya
- May mga natatanging katangian ang bawat pamilyang Asyano.
- Ang pagkakaiba iba ng pamilyang ASyano ay bunga na rin ng kanilang pagkakaiba-iba sa paniniwala, kulturang kinabibilangan, heyograpiya na tinitirahan at antas ng kabuhayan

- Ang mga pagbabago sa teknolohiya, agham at eknomiya sa daigdig ay nakaapekto sa kalagayan ng mga pamilyang Asyano.
- Maraming mga pagbabagong nagaganap sa pamilyang Asyano tulad ng mga sumusunod:
    - Pagbabago sa anyo ng pamilya
    - Pagbabago sa mga gampanin at relasyon ng pamilya
    - Pagbabago sa katayuan ng mga kababaihan
    - Pagbabago sa pamamaraan sa pagpapamilya at pag aasawa
    - Pagbabagong pangkabuhayan.
- Nanatiling matatag ang pamilyang ASyano sa harap ng mga hamon at suliraning dala ng pagbabagong pampulitika, pangkabuhayan at pangkultura.

PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

Panuto: Piliin ang wastong sagot sa mga sumusunod na tanong.

1. Ang Institusyong panlipunan ay sistema o pamamaraan upang
   A. maitatag ang pamilya.
   B. Imakasagot sa suliranin at pangangailangan.
   C. Mabago ang lipunan.
   D. Mapanatili ang mga makalumang gawi.

2. Kung ang pamilya ay binubuo ng nanay, tatay , mga anak at iba pang mga kamag-anak sinasabing ito ay pamilyang
   A. nukleyar.
   B. ekstended.
   C. bilateral.
   D. patriyarkal.

3. Kung ang ama ang siya lamang may kapangyarihan sa pagpapasiya, sinsabing ang pamilya ay
   A. patriyarkal.
   B. matriyarkal.
   C. egalitarian.
   D. unitarian.

4. Alin sa mga sumusunod ay maituturing na tungkulin ng pamilya kaugnay sosyalisasyon?
   A. paggawa ng mga kalakal at paninda
   B. pagkakaroon ng anak at pangangalaga dito
   C. pagtuturo ng kabutihang asal at gawi ng lipunan
   D. pagbibigay ng trabaho sa mga kasapi ng pamilya

5. Alin pamilyang Asyano ang kinikilala ang polygamya bilang paraan ng pagaasawa?
   A. Pamilyang Tsino.
   B. Pamilyang Hapon.
   C. Pamilyang Indian.
   D. Pamilyang Arabe

6. Ang pamilya na kumikilala sa kaanak ng magulang na lalaki lamang ay itinuturing na
   A. matrilineyal
   B. patrilineyal
   C. bilateral
   D. egalitaryan

7. Alin sa mga sumusunod ang katangian ng pamilyang Hapon?
   A. Aktibong pakikibahagi sa pagpapaunlad ng kabuhayan.
   B. Pag-aasawa ng malapit na kamag-anak.
   C. Paggalang at pagpapahalaga sa mga ninuno
   D. Pakikipagkasundo sa kasal.

8. Ano uri ng pamilya mayroon ang pamilyang Indian?
   A. matriyarkal
   B. patriyarkal
   C. egalitarian
   D. polygamya

9. Ang pagpapahalaga sa pangalan at dangal ng pamilya ay mahalagang katangian ng pamilyang
   A. Indian.
   B. Hapon
   C. Filipino.
   D. Tsino.

10. Ang paraan ng pagtuturo ng wastong pagkilos at gawi sa lipunan ay tinatawag na:
   A. reproduksyon
   B. produksyon
   C. sosyalisasyon
   D. kasal

11. Sa pangkalahatan, ayon sa bilang ng kasapi , ang pamilyang Asyano ay
   A. ekstended.
   B. nukleyar.
   C. egalitaryan.
   D. matriyarkal.

12. Isang pangunahing suliraning pangkabuhayan na kinakaharap ng pamilyang Asyano ay ang

A. Aids virus.
B. Hindi matatag na pamahalaan.
C. kahirapan.
D. pandarayuhan.

13. Alin sa mga sumusunod ang isang negatibong pagbabagong nagaganap sa pamilyang Asyano?
    A. nagiging rebelede ang mga anak sa magulang
    B. nagkakaroon ng pagkakapantay pantay ang mga babae at lalake
    C. nagkakahiwahiwalay ang mga pamilya bunga ng kahirapan sa pamumuhay
    D. lahat ng nabanggit

14. Alin sa mga sumusunod ang isang pagbabagong nagaganap sa pamilyang Asyano
    A. Pagiging patriyarkal ng mga pamilya.
    B. Pagtaas ng katayuan ng mga kababaihan.
    C. Pananatili sa makalumang paraan.
    D. Pagkakaroon ng mga pinagksundung kasal.

15. Alin sa mga sumusunod na pangungusap tungkol sa pamilyang Asyano and wasto?
    A. Nahaharap sa mas matinding suliraning sa kaslaukuyan ang pamilyang Asyano.
    B. Uniti unti humihina ang pamilyang asyano bunga ng mga suliraning at pagbabagong kinakaharap nito.
    C. Nanantiling matatag ang mga pamilyang asyano sa pagharap sa mga hamon at suliranin. Na dala ng pagbabago
    D. Ang pamilyang asyano ay lubos nang naimpluwensiyahan ng pamilyang kanluranin.

    .

GABAY SA PAGWAWASTO:

PANIMULANG PAGSUSULIT

1. B
2. A
3. C
4. B
5. D
6. C
7. C
8. C
9. B
10. C
11. A
12. D
13. D
14. B
15. C

PANGHULING PAGSUSULIT

1. B
2. B
3. B
4. C
5. D
6. B
7. A
8. B
9. B
10. C
11. A
12. D
13. C
14. B
15. C